# SUPPLEMENTAL LESSONS

## Filipino Baitang 1
## Ikatlong Markahan

Various online tools which make teaching and learning richer
and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to **www.rexinteractive.com**

## Aralin 1: Amang Pipit... Nanay Pipit

**A. Panimula**

**1. Balik-aral**

Magparinig ng awiting "Ang Pipit." Pagkatapos ay pag-usapan ang ideya ng mga mag-aaral tungkol sa pagpapahalaga sa hayop. Maaari ding pag-usapan ang maaaring nararamdaman ng isang hayop kung ito'y sinasaktan (https://www.youtube.com/watch?v=GCpN8I_sWKQ).

**2. Pangganyak**

a. Ipakuwento muli sa mga mag-aaral ang narinig na pangyayari sa awiting "Ang Pipit."

b. Magbigay ng mga tanong.

- Ano ang dapat mong gawin kapag nakakita ka ng mga ibon o ng kanilang pugad?
- Paano ka makatutulong upang mapangalagaan ang mga ibon?

**B. Katawan**

**1. Paglalahad**

Ipabasa ang seleksiyon.

### Amang Pipit... Nanay Pipit

"Twit! Twit!" ang huni ng mga munting inakay nina Amang Pipit at Nanay Pipit.

"Naku! Nagugutom na ang ating mga inakay," wika ni Amang Pipit.

"Oo. Kailangang maghanap tayo ng kanilang pagkain," sagot ni Nanay Pipit.

"Sandali lamang kami ng inyong nanay. Maghahanap kami ng inyong pagkain," wika ni Amang Pipit.

"Twit! Twit!" parang sagot ng mga inakay sa pugad.

Lumipad nang palayo sa pugad ang dalawang ibon.

*Bakit umalis sa pugad sina Amang Pipit at Nanay Pipit?*

**Pamantayang Pangnilalaman:**

Naipamamalas ang kakayahan sa mapanuring pakikinig sa pag-unawa sa napakinggan

**Pamantayang Pagganap:**

Paggawa ng sariling kuwento kaugnay ng nabasa/napakinggan

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Nasasabi ang sariling ideya tungkol sa tekstong napakinggan
2. Nakapagtatanong tungkol sa napakinggang kuwento
3. Nasisipi nang wasto at malinaw ang mga salita sa hulwaran
4. Napagsusunod-sunod ang mga pangyayari ng kuwentong napakinggan batay sa pangungusap

Nakakita si Amang Pipit ng malaking uod sa puno. Tutukain na sana niya ito nang may naramdaman siyang pumukol sa kanya.

Tinirador pala siya ng isa sa mga batang naglalaro. Tinamaan si Amang Pipit. Siya ay bumagsak.

Samantala, si Nanay Pipit ay nakakita ng bulate. Tinuka niya ito at mabilis na lumipad. Nadaanan niya si Amang Pipit na hawak na sa kamay ng mga bata.

Natakot si Nanay Pipit. Baka siya makita ng mga bata. Mabilis siyang lumipad.

*Bakit natakot si Nanay Pipit?*

Ngunit nakita siya ng tumirador kay Amang Pipit. Kumuha ng malaking bato ang bata. Tinirador niya si Nanay Pipit. Tinamaan at bumagsak sa lupa si Nanay Pipit. Tuwang-tuwa ang mga bata habang hawak nila ang dalawang ibon.

*Ano ang nangyari kay Nanay Pipit?*

"Twit! Twit!" ang parang iyak ng mga inakay sa pugad. Nagugutom na sila. Ang hindi nila alam, hindi na babalik sa kanilang pugad sina Amang Pipit at Nanay Pipit.

Mula sa *Gintong Diwa*, pahina 184–186, ni Liza M. Lemi

Habang binabasa ang seleksyon, hayaang magtanong ang mga mag-aaral ng mga susunod na mangyayari sa kuwento.

**2. Talakayan**

a. Bakit humuhuni ang mga inakay?
b. Bakit umalis sina Amang Pipit at Nanay Pipit?
c. Ano ang ginawa ng mga bata kay Amang Pipit?
d. Ano ang nangyari kay Nanay Pipit?
e. Bakit hindi na sila makakabalik sa pugad?

Sabihin sa mga mag-aaral na sila naman ang magtanong tungkol sa akda upang sagutin ng ibang kaklase o kaya naman ay ng guro. Maaaring magsimula ang tanong sa:

5. Naisasalaysay muli ang napakinggang teksto gamit ang mga pangungusap


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

a. Ano? ___________________________

b. Sino? ___________________________

c. Saan? ___________________________

d. Kailan? ___________________________

e. Bakit? ___________________________

**3. Paglalahat**

Pagsunod-sunurin ang mga pangyayaring naganap sa kuwento. Lagyan ng 1–5 ang bawat bilog.

◯ Naghanap ng pagkain sina Amang Pipit at Nanay Pipit.

◯ Tinamaan din ng tirador si Nanay Pipit.

◯ Pareho silang namatay.

◯ Nagugutom ang mga inakay.

◯ Tinirador ng bato si Amang Pipit.

**C. Kongklusyon**

**1. Paglalapat**

Ipaawit sa mga mag-aaral ang isang awitin. Ipasagot ang mga tanong.

Pagsunod-sunurin ang mga pangyayari. Isulat ang bilang 1–5 sa ☐.

Ano raw ang nangyari sa isang pipit?

☐ Iiyak ang pipit.

☐ Nasaktan ito at bumagsak.

☐ Ang pipit ay pinukol.

☐ Natamaan ng bato ang pakpak nito.

☐ May sinabi ito sa mamang malupit.

Gumawa ng sariling kuwento tungkol sa isang hayop na kapareho ng nangyari sa "Ang Pipit."

a. ______________________________
______________________________

b. ______________________________
______________________________

c. ______________________________
______________________________

d. ______________________________
______________________________

e. ______________________________
______________________________

2. **Pagpapahalaga**

Ipasipi sa mga mag-aaral ang pangungusap na ito:

"Ang mga hayop ay nangangailangan ng aruga at pagmamahal mula sa tao."

______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________

3. **Takdang Aralin**

Gumawa ng mga babala sa pangangalaga ng mga hayop.


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

## Aralin 2: Pamana ng Kalikasan

**A. Panimula**

**1. Balik-aral**

Ipasagot ang pagsasanay na ito.

Piliin ang magalang na pananalita na iyong dapat gamitin.

a. Magandang araw po
b. Walang anuman
c. Makikiraan po
d. Tuloy po
e. Paalam po

1) Papasok ka na sa paaralan at nasa kusina ang iyong nanay.
2) Nag-uusap sa pintuan ang tatay at ang iyong kapitbahay. Nais mong lumabas.
3) Kumakatok sa pintuan ang inyong ninang.
4) Magpapasalamat ang iyong kaibigan sa ipinahiram mong lapis.
5) Nakita mo sa simbahan ang iyong guro.

**2. Pangganyak**

Magpakita nang madalas makita sa paligid.

| Bawal magtapon ng basura. |
|---|

| Bawal magputol ng punongkahoy. |
|---|

| Bawal pumitas ng mga bulaklak. |
|---|

**Pamantayan Pangnilalaman:**

Naipamamalas ang kakayahan sa mapanuring pakikinig at pag-unawa sa napakinggan

**Pamantayang Pagganap:**

Naipamamalas ang kaalaman sa tamang paraan ng pagtapon ng basura

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Nakabubuo ng tanong matapos mapakinggan ang kuwento
2. Naiuulat ng pasalita ang mga naobserbahang pangyayari sa loob ng silid-aralan at sa kapaligiran
3. Nasasabi ang nilalaman ng aklat batay sa pamagat
4. Nagagamit ang magagalang na pananalita sa angkop na sitwasyon

**B. Katawan**

**1. Paglalahad**

Babasahin ang kuwento upang mapakinggan ng mga mag-aaral. Maaari din namang irekord ang kuwento.

**Pamana ng Kalikasan**

Tagapagsalaysay: Dumalaw minsan sa lupa si Bathala. Pinagmasdan niya ang kanyang ginawa. Natuwa ng ganap sa nakitang ganda. Tao ay tinawag saka kinausap.

*Bakit natuwa si Bathala?*

Bathala: Nilikhang daigdig na inyong tahanan
Naritong mga bagay kaloob sa inyong lahat
Ingatan ninyo at laging alagaan
Hindi magugutom, lalo kung masipag.

*Bakit dapat alagaan ang mga bagay sa daigdig?*

Tao: Maraming biyaya ang lupa at dagat
Mga isda, hayop, puno, at halaman
Kaloob sa amin, mga pakinabang
Sa lahat pong ito, salamat, Bathala.

*Bakit nagpapasalamat ang tao?*

Bathala: Mga likas na yaman at kapaligiran
Ang bughaw na langit, talang makikislap,
Hatid na liwanag ng araw at buwan
Kayong mga tao ang tagapagmana

*Ano-anong magagandang nililikha ng biyaya sa tao?*

5. Nababasa ang mga salita at babala na madalas makita sa paligid



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

Tao: Hindi masasayang, hindi masisira
Kalikasang bigay sa Inyo nagmula
Pangako po namin, tunay na asahan,
Susundin, gagawin, buong katapatan

*Ano ang pangako ng tao?*

Tagapagsalaysay: Lagi mong tandaan, itong kalikasan
Mula sa Maykapal, gawa Niyang lahat
Pagyamanin natin sa abot ng kaya
Ang tungkuling ito, ating pagtulungan.

*Ano ang dapat tandaan ng tao?*

Mula sa *Gintong Diwa*, Liza Lemi, pp. 167-168


**2. Talakayan**


Matapos ipabasa ang seleksiyon, pabubuuin ng tanong ang mga mag-aaral.

Halimbawa:

a. Bakit nilikha ni Bathala ang daigidig?
b. Sino ang tinatawag ni Bathala?
c. Ano ang hatid ng araw at buwan?

Ipakita ang pabalat ng ilang aklat tungkol sa hayop at kalikasan. Hingin ang ideya ng mga mag-aaral kung ano ang maaaring nilalaman ng kuwento.




Sanggunian: http://thekristianenigma.blogspot.com/search?q=alamat+ng+gubat

3. **Paglalahat**

Pabigyan ng pansin ang taludtod na ito.

"Lagi mong tandaan, itong kalikasan mula sa Maykapal, gawa niyang lahat.

Pagyamanin natin sa abot ng ating makakaya ang tungkuling ito, ating pagtulungan."

## C. Kongklusyon

1. **Paglalapat**

Isa-isahin ang mga mag-aaral base sa kanilang naobserbahan sa ating kapaligiran at kung ano ang kanilang pangakong gagawin.

Halimbawa:

Naoobserbahan ko po na maraming bata ang hindi alam kung saan dapat itapon ang basura. Hindi nila alam kung paano ihihiwalay ang nabubulok at hindi nabubulok.

Naobserbahan ko po maraming nagtatapon ng basura sa ilog. Ipinangangako ko po na hindi na ako magtatapon sa ilog.

Tukuyin ang nilalaman ng sumusunod na mga aklat.

| |
|---|
| Si Langgam at Tipaklong |
| Bibliya |
| Lutong Bahay |
| Alamat ng Pinya |
| ABAKADA |



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

2. **Pagpapahalaga**

Pabigyan ng pansin sa mga mag-aaral ang katagang ito.

"Mahalin natin ang ating kalikasan."

3. **Takdang Aralin**

Ipagawa: Gumawa ng mga babala upang mapangalagaan ang kalikasan. Isulat ito sa kartolina o *illustration board*. Maaaring gawing pangkatan.

## Aralin 3: Masisipag Kami

**A. Panimula**

**1. Balik-aral**

Pasagutan sa mga mag-aaral ang mga gawain.

Buuin ang salitang magkakatulad ang kahulugan.

a. **TUWANG-TUWA**

M ☐ S ☐ Y ☐ N G – M A S A Y A

b. **IBIG**

G ☐ S T ☐

c. **NAGTUNGO**

N ☐ G P ☐ N T A

d. **SARAP**

M ☐ L ☐ S ☐

e. **KASUOTAN**

D ☐ M ☐ T

**2. Pagganyak**

Magbanggit ng mga salita at ipagawa ito sa mga mag-aaral na galing sa tulang babasahin.

a. Nagwawalis
b. Nagluluto
c. Nag-aayos
d. Naghuhugas
e. Naglilinis

**Pamantayang Pangnilalaman:**

Naipamamalas ang kakayahan sa mapanuring pakikinig at pag-unawa sa napakinggan

**Pamantayang Pagganap:**

Makabuo ng talaan ng isang linggong gawaing pantahanan ng bawat miyembro ng pamilya

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Nasasagot ang mga tanong tungkol sa pakikinggang tugma/tula
2. Naipahahayag ang sariling ideya/damdamin o reaksiyon tungkol sa napakinggang tugma/tula
3. Nabibigyang-kahulugan ang mga simpleng talaan
4. Naisasakilos ang napakinggang tula o awit



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

**B. Katawan**

**1. Paglalahad**

Basahin muna ang tula. Pagkatapos, bigyan ng panahon ang mga mag-aaral upang gawan ng kilos ang bawat bahaging naibigan nila.

**Masisipag Kami**

Tumutulong ka ba sa gawaing-bahay?
Si Tatay ang naghahanap-buhay.
Si Nanay ang nag-aayos ng tahanan.
Si Ate ay naglalaba ng damit.
Nagwawalis si Kuya.
Ako nama'y naghuhugas ng pinggan.
Ang aming bunso,
Maliit pa'y gusto ring tumulong
Masisipag kaming lahat
Kaya ang buhay nami'y uunlad

Mula sa *Filipino sa Bagong Siglo,* p. 80 ni Arceli M. Villamin, Fedeliza G. Sebastian, at Chita R. Villamin

**2. Talakayan**

a. Pag-usapan sa klase ang ibig sabihin ng mga salitang initiman.
- Tumutulong ka ba sa **gawaing-bahay**?
- Si Tatay ang **naghahanap-buhay**.
- Ako nama'y naghuhugas ng **pinggan**.
- Kaya ang buhay nami'y **uunlad**.

b. Ipasagot sa mga mag-aaral ang mga katanungan.
- Sino ang nag-aayos ng bahay?

5. Natutukoy ang kahulugan ng tula o awit
6. Natutukoy ang kahulugan ng salita batay sa kasingkahulugan

- Sino ang nagtratrabaho para sa pamilya?
- Sino ang nagwawalis ng basura?
- Sino ang naghuhugas ng pinggan?

c. Ipasulat sa mga mag-aaral ang mga pangalan ng miyembro ng kanilang pamilya sa unang hanay. Sa tapat ng bawat araw ng isang linggo, ipasulat kung anong gawaing bahay ang madalas na ginagawa ng bawat isa.

**Talaan ng mga Miyembro ng Pamilya at Kanilang Gawain Araw-Araw**

| Miyembro ng Pamilya | Linggo | Lunes | Martes | Miyerkules | Huwebes | Biyernes | Sabado |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |

3. **Paglalahat**

Sabihin: May kanya-kanyang tungkulin ang bawat bahagi ng pamilya.

Halimbawa:

Tatay – Naghahanapbuhay

Nanay – Nagpapanatili ng kaayusan ng tahanan



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

C. **Kongklusyon**

1. **Paglalapat**

Ipasagot sa mga mag-aaral ang mga tanong na ito upang makuha ang sariling ideya, damdamin, o reaksiyon.

a. Ano ang iyong nararamdaman kapag inuutusan ka sa mga gawaing-bahay?

b. Bakit kailangan magtulungan ng bawat kasapi ng tahanan?

2. **Takdang Aralin**

Ipagawa: Ikuwento ang mga ginagawa mo sa loob ng iyong tahanan.

## Aralin 4: Ang Apat na Baka at ang Leon

**A. Panimula**

**1. Balik-aral**

Magdikta ng mga pangungusap na may kaugnayan sa babasahing akda.

a. Pagkakaisa ang daan sa kapayapaan.

b. Naku, darating na ang Leon!

c. Ano kaya ang kailangang gawin upang hindi maapi?

**2. Pagganyak**

Ipakita ang larawan ng isang leon at ng mga baka. Pagkatapos, itanong kung ano kaya ang maaaring mangyari sa kuwento batay sa mga tauhan.

Bakit mahalaga ang pagkakaisa?

**B. Katawan**

**1. Paglalahad**

Iparinig ang kuwento. Maaari ding ipabasa sa ilang piling mag-aaral ang ilang bahagi at ang iba naman ay makikinig.

### Ang Apat na Baka at ang Leon

Sa paaralan, may kuwentong inihanda si Bb. Rigor sa kanyang klase.

Bb. Rigor: Mayroon akong kuwento sa inyo ngayon. Isa itong pabula.

Bino: Ano po ba ang pabula?

Bb. Rigor: Isang maikling kuwento ang pabula. Kuwento ito ng mga hayop. Nagbibigay ito ng aral. Nagsasalita ang mga hayop sa kuwentong ito. Hindi ito totoo.

Didi: Ano po ang pamagat ng pabula?

Bb. Rigor: "Ang Apat na Baka at ang Leon"

O, handa na ba kayong makinig?

Mga Bata: Opo, Bb. Rigor.

**Pamantayang nilalaman:**

Naipapamalas ang kakayahan sa mapanuring pakikinig at pag-unawa sa napakinggan

**Pamantayang Pagganap:**

Nakabubuo ng pagkakasunod-sunod ng isang kuwento

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Naisusulat nang may wastong baybay at bantas ang salita o pangungusap na ididikta ng guro
2. Naipapakita ang pagtanggap sa mga ideya ng napakinggang teksto/akda
3. Nahuhulaan ang susunod na mangyayari sa napakinggang teksto
4. Nakasasali sa isang usapang tungkol sa napakinggang kuwento



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

Bb. Rigor: Isang araw, habang naglalakad ang leon, nakadama ito ng matinding gutom. Mayamaya, may nakita itong apat na baka.

Leon: Mukhang mapalad ako ngayong araw na ito. My apat na baka. Malalaki at matataba pa ito.

Dahan-dahan lumapit ang leon sa apat na baka. Ngunit napansin siya ng mga ito. Kaagad-agad na nagsama sila. Nagtalikuran sila nang pabilog. Pinagsama-sama pa nila ang kanilang buntot.

Tuwing lalapit ang leon ay lalong pinagdirikit ng mga baka ang kanilang likuran. Kahit saan humanap ng magandang lugar ang leon, hindi niya makuhang makalapit sa mga baka. Kaya umalis na lamang ito.

Mga baka: Akala siguro ng leon madali niya tayong makakain. Hindi niya alam na kapag nagsama-sama at pinagdikit natin ang ating mga buntot, mas malakas tayo.

Isang araw, nagtalo-talo ang mga baka. At nagkahiwalay silang lahat. Nakita sila ng leon at isa-isa silang sinugod nito at kinain.

Bino: Ganyan ang nangyayari kapag walang pagkakaisa.

Didi: Kaya dapat nagtutulungan at nagkakaisa ang lahat.

Bb. Rigor: Tama, mga bata. Iyan ang dapat nating tandaan.

*Komunikasyon 1*, pahina 225–228, nina
Emilia L. Banlaygas at Eleanor D. Antonio,

**2. Talakayan**

Pag-uusapan ng mga mag-aaral ang kuwentong binasa. Gabayan ang mga mag-aaral gamit ang mga tanong sa ibaba.

a. Sino ang mga tauhan sa pabula?

b. Ano ang naramdaman ni Leon?

c. Ano ang ginawa ni Leon sa mga baka?

d. Ano ang masasabi niyo sa ginawang taktika ng mga baka?

e. Ano kaya ang mangyayari sa mga baka kung hindi sila nagkaisa?

## C. Kongklusyon

### 1. Paglalapat

Ipasagot sa mga mag-aaral ang pagsasanay.

Tapusin ang bawat pangyayari sa kuwento. Pagkatapos, ayusin ito nang sunod-sunod, isulat ang bilang 1–5 sa tamang kahon.

☐ Pinagsama-sama ng mga ________ ang kanilang ________.

☐ Kaya nang makita sila ________ inisa-isa silang sinugod at ________ nito.

☐ Napansin ng mga ________ na papalapit si ________.

☐ Minsan, nagtalo-talo ang mga ________ at sila'y ________.

☐ Dahil walang nagawa si Leon siya'y ________.

Tapusin ang pangungusap na nagkukuwento. Tiyaking tama ang bantas.

a. Ako ay ____________.

b. Si Leon ay ____________.

c. ____________ ay nagbibigay ng gatas at karne.

d. Tayo na sa ____________.

e. Maamo ang hayop na ____________.

### 2. Paglalahat

Pabigyan ng pansin sa mga mag-aaral ang katagang ito:
Dapat magtulungan at magkaisa ang lahat.

### 3. Takdang Aralin

Gumawa ng *slogan* tungkol sa pagkakaisa.



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com